タガログ語版

Minami Citizens Activity & Multicultural Lounge

Minami no Kaze

Vol . 51

Sep.2023

Oct.5th(Thurs.)&6th (Fri.)

Seminar Para Sa May Kaugnayang Multicultural Volunteers

Naghahanap kami ng mga volunteers na gustong ipakilala ang kulturang banyaga, laro at salita sa elementary & junior high schools sa Minami ward, Yokohama. Para sa mga interesado ipaliliwanag namin ang mga tips sa pag-volunteer. Magkakaroon din ng oras para makipag-ugnayan sa ibang volunteers o kasali.
Hindi kailangan ang magaling sa Nihongo. Mangyaring dumalo sa aming seminar!

●Lugar: Minami Citizens Activity & Multicultural Lounge(Minami Lounge) Kenshu Room
●Petsa at Oras : ① Oct.5th (Thurs.) 10:00-12:00 (Japanese)
② Oct.5th (Thurs.) 14:00-16:00 (Chinese)
③ Oct.6th (Fri.) 15:00-17:00 (English)
●Kapasidad: 15 katao bawat seminar
●Para sa: 18 taong gulang o mas matanda at alin sa nakatira sa Yokohama, nagtratrabaho sa Yokohama o pumapasok sa paaralan sa Yokohama.
●Paano mag-apply: Tumawag o bumisita sa Minami Lounge hanggang Oct.3 (Tue.)
●Contact: Minami Lounge Tel:045-232-9544(Japanese)/045-242-0888(Foreign languages)

0 yen !
(Free of Charge)



Ang mga ritrato ay kuha sa seminar noong 2022.

HALINA DUMALO!

Naghahanap kami ng Multicultural Volunteers!

Tinatayang 12,000 ang dami ng naninirahang banyaga sa Minami ward at tumataas din at dumadami ang bilang ng long term residents. Ang Minami Lounge ay naghahanap ng mga taong interesado sa pag volunteer bilang isang multicultural volunteer. Multicultural volunteer's na gawain ay… ipakilala ang kulturang banyaga sa elementary/junior high school ng Yokohama city,
Tulungan ang mga banyagang hindi makasalita/makaintindi ng Japanese sa Minami ward, at ipakilala ang kulturang banyaga sa local na pamayanan para matulungan ang residenteng banyaga at mga residenteng hapon na makapanirahan ng matiwasay na kapaligiran. Kung ikaw ay interesado. Mangyaring tumawag sa Minami Lounge.
Contact Number: 045-232-9544

Halimbawa ng mga Gawaing Pangboluntaryo

Sumusuporta sa mga estudyante na may lahing banyaga sa paaralan

Nag interpret at nagtranslate bilang volunteer

Ipinakikilala ang Nepal Mandala at Thai dance.

“Minna no “Wa!” Festa”ay Gaganapin!

Ang malaking malaking festival “Minna no “Wa!” Festa” ng Minami Lounge ay gaganapin muli pagkaraan ng 4 na taon.

Pinaghahandaan namin ang event na ito kasama ang maraming volunteers.

Japanese speech at iba`t-ibang pagtatanghal katulad ng mga kanta at sayaw ang itatanghal sa entablado.

Pagkain sa iba-ibang panig ng mundo ay ititinda. Tea test tasting ng tsaa ng iba-ibang bansa, Japanese kimono at traditional na kasuutan ng mga bansang banyaga ay maaring isuot at subukan, Minami Lounge registered teachers’ /groups’ experience workshop at introduction corner ay gaganapin din.

Halina sa Lounge Kasama ang inyong pamilya at kaibigan tayo ay magsaya sa araw na ito!

Petsa：Nov.19th (Sun.)11:00-15:00
(15:00-15:30 Special Ukraine Stage)
Lugar： Minami Citizens Activity & Multicultural Lounge

(Ang mga larawan ay galing sa nakaraang Minna no “Wa!” Festa)

Para sa mga banyagang Nanay at Tatay Paano mag-apply sa Kindergarten at Nursery- ay isasagawa !

Petsa: Sep.27th (Wed.) 10:30-11:45
Lugar: Minami Citizens Activity & Multicultural Lounge (Minami Lounge)
10th floor of Urafune Fukugo Fukushi Shisetsu
Para sa: 8 Banyaga na nagpapalaki ng bata (mayroon Interpreter)
Bayad: 0yen
Application: Tumawag sa: Minami Lounge (045-232-9544) o pumunta para mag-apply

Maaari ka rin kumunsulta sa pagpapalaki ng bata !

※ Mayroong oras para kumanta at magbasa ng libro sa Nihongo, kaya halina isama ang inyong mga anak.

Multicultural Volunteer ⑤



Kim So Yeung(金　昭映)
Galing:Korea･Daejeon Metropolitan City (Host city to scientific developments)

May asawa at pumunta sa Japan noong 2006.
Bago dumating sa Japan, ang impresyon niya sa Japan ay isang napakaganda at tahimik na bansa na may mga disiplinadong mamamayan.
Gustong ipakilala ni Ms. Kim ang “Sariwa at Masiglang Kultura ng Korea” at magrehistro bilang volunteer Kung saan ang kanyang mga kaibigan ay mga multicultural volunteer. Sumusuporta sya ngayon sa Minami lounge sa pamamagitan ng pagtuturo ng Korean food, kultura at lenguahi.
Noong July ipinakilala ni Ms. Kim ang Korean language at Origami sa isang pagtitipon sa state music hall at ito ay isang malaking tagumpay!

Minami Citizens Activity & Multicultural Lounge (Minami Lounge)

Urafune Fukugo Fukushi Shisetsu 10F, 3-46 Urafune-cho
Minami-ku, Yokohama 232-0024

①Consultation Desk : Mon.～Sun. 9:00～17:00
(Closed on ：Every 3rd Mondays･ Dec.29 to Jan.3)
Tel. ：(Japanese)　　045-232-9544
(Foreign Language)045-242-0888
②Libring Kunsultasyon:
Batas(Pangalawang Huwebes), Visa(Pangatlong Huwebes) at Edukasyon(Pang-apat na Huwebes)



Minami Lounge URL
https://tabunka.minamilounge.com/

◀ Direction Map

【Available languages and days】

Monday	Tuesday	Wednesday	Thursday	Friday	Saturday	Sunday
Chinese	Chinese	Chinese English	Chinese Thai	Chinese Tagalog	Chinese	Chinese

★ Minami Lounge is operated by YOKE on behalf of Minami Ward Office